CCTV cameras inilagay sa mga palengke sa QC

Umaabot sa siyam na high-precision closed-circuit television (CCTV) cameras ang nailagay kahapon sa mga palengke sa Quezon City upang matiyak na napaiiral ang social distancing at napapangalagaan ang mga mamimili doon.

"The CCTV cameras would serve as extra set of eyes for our authorities on the ground as they strictly implement social distancing to stop the spread of coronavirus disease 2019 (COVID-19)," pahayag ni QC Mayor Joy Belmonte.

Sinabi ni Belmonte na ang CCTV ay nailagay sa Commonwealth Avenue harap ng Commonwealth Market (southbound), Commonwealth Avenue corner IBP road at Litex, Quirino Highway kanto ng Gen Luis St. at Susano Road, Quirino Highway kanto ng Ramirez St. sa Novaliches.

Mayroon ding cameras na ilalagay sa Quirino Highway kanto ng Don Julio Gregorio St sa Brgy. Bagbag, Samson Road-Balintawak, EDSA-Balintawak, EDSA kanto ng Ermin Garcia St, Cubao, at Tandang Sora kanto ng Visayas Ave.

"It is important that we ensure that social distancing is properly implemented as we enter the crucial part of the enhanced community quarantine," dagdag ni Belmonte.

Ang high precision CCTV cameras ay isasama sa QC Disaster Risk Reduction and Management Office (DRRMO) command center para mamonitor ang mga palengke tulad sa Commonwealth Market, Datu Tahil Market, Gatmaitan Market, at Litex Market sa Novaliches area na mamomonitor din ang Susano Market, Nova Plaza Market, Novaliches Market, Susano Arcade, Francisco Talipapa, at Bagbag Market.

Ang CCTV sa Balintawak area ay mamomonitor ang Cloverleaf Market, Riverview 1, Riverview 2, Pilson, MC Market, at North Diversion Market; Cubao area: Q-Mart market; at Tandang Sora area-Tandang Sora Bayan Palengke, Visayas Market, at Tandang Sora Livelihood Coop.

Una nang inutos ni Belmonte ang paghihigpit sa mga palengke at pagpapatupad ng mga precautionary measures sa lahat ng public at pribadong palengke para maingatan ang publiko sa COVID-19.

Ang mga markets owners ang mananagot sa City government kapag hindi naipatutupad ang social distancing sa pamamagitan ng pagkontrol sa dami ng tao na papasok sa mga palengke. *(Angie dela Cruz)*